



ACCÉSSS

Alliance des Communautés Culturelles pour
l'Égalité dans la Santé et les Services Sociaux

Ang respiratory syncytial virus (RSV) – Ano ang dapat kong malaman?

Ang respiratory syncytial virus (RSV) ay isang karaniwang virus na nagdudulot ng mga impeksyon sa respiratoryo, partikular sa mga sanggol, maliliit na bata, at matatanda. Ang RSV ay kumakalat sa pamamagitan ng respiratory droplets kapag ang isang taong may impeksyon ay umubo o bumahing. Maaari rin itong manatili sa mga kontaminadong ibabaw at maipasa sa direktang kontak.

Ang mga sintomas ng RSV ay maaaring magkaiba mula sa banayad hanggang malubha at maaaring kabilang ang baradong ilong, ubo, hingal, lagnat, at kahirapan sa paghinga. Sa mga sanggol at maliliit na bata, ang mga sintomas ay maaaring maging mas malala, na maaaring humantong sa bronchiolitis o pulmonya. Mas madalas na kumakalat ang RSV sa mga buwan ng taglagas, taglamig, at tagsibol sa mga lugar na may temperate climate. Ang mga paglaganap ay maaaring magkaiba ang tindi bawat taon.

Ang mga sanggol na ipinanganak nang wala sa tamang oras, mga sanggol na wala pang anim na buwan, mga batang mayroong mga sakit sa puso o baga, pati na rin ang mga matatanda o immunocompromised ay may mas mataas na panganib ng malubhang komplikasyon dahil sa RSV, kaya't mahalagang kumonsulta sa doktor kung may mga sintomas at isaalang-alang ang pagpapabakuna laban sa virus na ito kung kabilang ka sa mga grupo na may mataas na panganib. Mayroong mga bakuna na available upang protektahan ang mga matatanda, at pati na rin ang mga buntis upang maprotektahan ang kanilang mga sanggol.

Mahalagang kumonsulta sa doktor kung pinaghihinalaan mo na may impeksyon sa RSV, partikular sa mga sanggol at maliliit na bata, upang makatanggap ng tamang gabay sa pamamahala ng mga sintomas at pag-iwas sa mga komplikasyon.